

Pamamahala sa Imprastruktura ng Enerhiya



Isang mahalagang bahagi sa paglikha ng isang ligtas at maaasahang electric system ay tiyaking ang pagsuri ng mga iminungkahing thermal power plant ay naglalakip sa pagtatasa sa disenyo ng proyekto, pagtatasa ng potensyal na masamang epekto sa kapaligiran, at proseso para sa pampublikong opinyon. Ang California Energy Commission ay responsable sa pagsasagawa ng pagsusuri na ito at sa pagtiyak na ang mga pinahihintulatang power plant ay sumusunod sa lahat ng mga batas at kundisyon ng pag-apruba.

Pagpapahintulot sa Thermal Power Plants

Sa partikular, ang Komisyon ng Enerhiya ang namumuno sa awtoridad na nagpapahintulot sa kapaligiran para sa lahat ng thermal power plants na 50 megawatts at mas mahigit pa na iminungkahing itatayo sa California. Saklaw din ng awtoridad na ito ang imprastrakturang nauugnay sa proyekto tulad ng mga linya sa transmisyon ng kuryente, mga linya ng natural na gas, at mga tubo

Ang Komisyon sa Enerhiya ay may tanging awtorisasyon sa paglilisensya para sa lahat ng mga thermal power plant na 50 megawatts at mas malaki na iminungkahi para sa konstruksiyon sa California.



ng tubig. Tinitiyak sa proseso ng pagpapahintulot ng Komisyon ng Enerhiya na ang mga iminungkahing thermal power plants ay susuriin sa isang malinaw, pampublikong pamamaraan at dinisenyo, itinayo, at pinatatakbo sa paraang pinoprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko, nagtataguyod ng pangkalahatang kapakanan, at nagpapanatili sa kalidad ng kapaligiran. Ang proseso ay katumbas sa pagganap sa isang pagsusuri ng California Environmental Quality Act (CEQA) at naglalakip ng koordinasyon sa mga lokal, estado, at pederal na ahensya upang matiyak na ang mga kinakailangan sa permit ng mga ahensyang ito ay nakalakip.

Habang ang Komisyon ng Enerhiya ay hindi naglalabas ng mga permit para sa, o kontrolin ang pagpapatakbo ng mga proyekto sa transmision ng solar, hangin, mula sa laot, o elektrisidad, ito ay may interagency na kasunduan sa California Public Utilities Commission upang magkaloob ng pagtatasa ng CEQA sa mga iminungkahing proyekto para sa transmision ng kuryente na pagmamay-ari ng mga mamumuhunan.

Pagsunod at Pagpapatupad

Ang Komisyon ng Enerhiya ay pinapanatili ang programa sa inspeksyon at pagpapatupad upang matiyak na ang mga pinahihintulatang thermal power plant ay itinayo, pinatatakbo, at sinasara alinsunod sa kanilang mga permit at batas. Kabilang dito ang mga iniaatas na taunang report, mga on-site audit at imbestigasyon ng pormal at di-pormal na mga reklamo.

Kung kinakailangan, maaaring makipagtulungan ang Komisyon ng Enerhiya sa mga may-ari ng proyekto ng thermal power plants upang sumunod o gumawa ng mga hakbang sa pagpapatupad laban sa mga lumalabag.

Pagpapalano para sa Imprastruktura ng Electric System

Bilang karagdagan sa pagsusuri sa mga iminungkahing power plant, ang Komisyon ng Enerhiya ay may mahalagang papel sa pagpapalano para sa Imprastruktura ng Electric System sa hinaharap. Ang Komisyon ng Enerhiya ay namuno at maagap na nakipagtulungan sa mga kapatid na ahensya para sa maramihang antas na pagpapalano kabilang dito ang Desert Renewable Energy Conservation Plan, Renewable Energy Transmission Initiatives, San Joaquin Valley Least Conflict Solar, at ang US Bureau of Ocean Energy Management-California Offshore Wind Task Force.

Ang Energy Commission ay nagsasagawa rin ng mga pampublikong workshop, nagpopondo ng mga kritikal na pananaliksik sa enerhiya, at pagtatasa sa mga isyu ng klima ng California at malinis na mga layunin sa enerhiya, pagsasama ng renewable energy, hinaharap na mga pangangailangan para sa paghahatid ng kuryente, at ang mga ipinanukalang mga opsyon sa pagpapalawak ng electric wholesale market ng estado sa buong kanluran ng Estados Unidos.



Governor
Gavin Newsom

Chair
Robert B. Weisenmiller, Ph.D

Executive Director
Drew Bohan

Commissioners

Karen Douglas, J.D.

David Hochschild

J. Andrew McAllister, Ph.D.

Janea A. Scott, J.D.

energy.ca.gov | facebook.com/CAEnergy | twitter.com/calenergy | instagram.com/calenergy

January 2019